American Cancer Society®

# Radiation Therapy para sa Kanser

*Radiation Therapy for Cancer – Tagalog*

Ang radiation therapy ay gumagamit ng malalakas na beam o wave ng enerhiya upang gamutin ang mga partikular na uri ng kanser at iba pang mga problemang dulot ng kanser. Hindi lahat ng may kanser ay makakakuha ng radiation therapy.

## Paano gumagana ang radiation?

Winawasak ng radiation ang mga selula ng kanser nang sa gayon ay hindi ito lumaki at gumawa ng higit pang mga selula.

Kadalasan, ginagamit ang espesyal na makina upang magpadala ng mataas na dosis ng radiation sa bahaging may mga selula ng kanser o tumor. Ito ay tinatawag na "external beam radiation therapy."

Para sa mga partikular na uri ng kanser, isang radioactive source ang inilalagay sa loob ng katawan malapit sa tumor. Ito ay tinatawag na "internal radiation" o "brachytherapy." Para sa ibang mga uri ng kanser, ginagamit ang mga radioactive na gamot. Maaari itong inumin o iturok sa ugat.

Ang radiation ay maaaring natatanging paggamot na ibinibigay para sa kanser. O, maaari itong magamit kasama ang ibang paggamot gaya ng operasyon, chemotherapy, hormone therapy, targeted therapy, o immunotherapy.

## Saan pumupunta ang mga tao para tumanggap ng radiation therapy?

Ang radiation therapy ay kadalasang ibinibigay sa isang outpatient na klinika o sentro ng pagamutan. Bago sinuman ang paggamot, makikipagpulong ka sa iyong doktor at team para sa radiation therapy. Tutukuyin nila ang eksaktong bahaging gagamutin at kung anong uri at dosis ng radyasyon ang kailangan upang gamutin ang kanser. Para sa ilang paggamot sa radiation, maaaring kailanganin ng indibidwal na manatili sa ospital ng isang o higit pang gabi.

## Gaano kadalas ibinibigay ang paggamot, at gaano katagal ito?

Ang plano para sa paggamot na radiation ay depende sa uri ng kanser, kung kumakalat man ito sa ibang mga bahagi ng katawan, at ibang mga problema sa kalusugan na maaaring mayroon ang isang tao.

Mag-iiba ang paggamo sa bawat tao at kung gaano ito katagal. Halimbawa, ang isang taong kumukuha ng external beam radiation therapy ay maaaring gamutin ng 5 beses sa isang linggo para sa ilang linggo. Ang paggamot sa kanila ay kadalasang inaabot ng ilang minuto sa bawat pagkakataong ibinibigay ito. Ngunit, ang isang taong kumukuha ng brachytherapy ay maaari lamang gamutin ng isang beses o o gamutin ng ilang beses sa loob ng ilang panahon.

## Paghahanda para sa radiation therapy

Kung bahagi ng iyong paggamot ang radiation, kausapin ang iyong health care team tungkol sa kung ano ang aasahan. Ito ay makakatulong sa iyong magplano para sa mga pagbabago sa iskedyul ng iyong trabaho o pamilya kung kailangan.

## Mga side effect ng radiation therapy

Nagdudulot ng pinsala ang radiation therapy sa ilang normal na malulusog na selula na maaaring magdulot ng mga side effect. Ang mga side effect na maaaring makuha ng mga tao ay depende sa uri at bahagi ng katawan na ginagamot. Dahil dito, hindi lahat ng nakakakuha ng radiation ay makakaranas ng parehong side effect.

Maaaring maranasan ang ilang side effect sa panahon ng o agad pagkatapos makuha ang paggamot, habang ang iba ay nararanasan pagkatapos ng ilang araw, linggo, buwan, o taon pagkatapos ng paggamot.

Kabilang sa mga karaniwang side effect ang:

- Panghihina o pagod (pagkahapo)
- Mga pagbabago sa balat sa o sa paligid ng bahaging ginagamot
- Pagkalagas ng buhok sa o sa paligid ng bahaging ginagamot
- Mababang bilang ng selula ng dugo
- Ibang mga problema depende sa kung anong bahagi ang ginagamot

## Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at health care team:

- Anong uri ng radiation ang makukuha ko?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Saan ako pupunta para magpagamot?
- Maaari ba akong magmaneho nang mag-isa papunta sa pagamutan?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang uri ng paggamot?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Magkakaroon ba ako ng mga side effect na pangmatagalan o sa kalaunan?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang pag-inom sa iba ko pang mga gamot o supplement sa panahon ng paggamot?
- Babayaran ba ng aking insurance ang radiation therapy? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Makakapasok ba ako sa trabaho, paaralan, maaalagaan ko ba ang pamilya ko sa panahon ng paggamot?
- Ano ang maaari kong gawin upang maalagaan ang aking sarili sa panahon ng paggamot?
- Mayroon bang mga espesyal na bagay na kailangan kong gawin upang maprotektahan ko ang aking sarili at ang iba habang nagpapagamot?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/radiation**.
Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080805

BBB ACCREDITED CHARITY bbb.org/charity